# Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Diyos Yugto 25
# Pakikipagkaibigan sa Diyos Yugto 4

"13 Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan. 14 Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo. 15 Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo. " (Juan 15:13-15) Ang naunang bang simbahan ay sinusunod ang pakikipagkaibigan? Ang nauna bang mga apostoles ay ipinapayo ang pakikipagkaibigan sa loob ng simbahan gaya na nasa sanglibutan o itinuturo nila ang mga simulain ng Salita ng Diyos upang itayo ang tamang kaugnayan sa loob ng katawan ni Cristo? Ang Banal na Kasulatan ay mabuting pagkukunan sa atin upang sagutin ang mga katanungang ito at upang matutunan ng mabuti at praktikal na mga bagay upang ilapat sa ating mga buhay at sa paglilingkod sa Panginoon.

1. Si Apostol Pablo: "5 At batiin ninyo ang iglesia na nasa kanilang bahay. Batiin ninyo si Epeneto na minamahal ko, na siyang pangunahing bunga ng Asia kay Cristo. 6 Batiin ninyo si Maria, na lubhang nagpagal sa inyo. 7 Batiin ninyo si Andronico at si Junias, na aking mga kamaganak, at mga kasama ko sa pagkabilanggo, na siyang mga bantog sa mga apostol, na sila nama'y nangauna sa akin kay Cristo. 8 Batiin ninyo si Ampliato na aking minamahal sa Panginoon. 9 Batiin ninyo si Urbano na aming kamanggagawa kay Cristo, at si Estaquis na minamahal ko. 10 Batiin ninyo si Apeles na subok kay Cristo. Batiin ninyo ang mga kasangbahay ni Aristobulo. 11 Batiin ninyo si Herodion na aking kamaganak. Batiin ninyo ang mga kasangbahay ni Narciso, yaong nangasa Panginoon. 12 Batiin ninyo si Trifena at si Trifosa, na nangagpapagal sa Panginoon. Batiin ninyo si Persida na minamahal, na lubhang nagpagal sa Panginoon." (Roma 16:5-12) Si Apostol Pablo dito ay ginamit ang aking minamahal, minamahal ko, o ang minamahal, sa pagsasalarawan ng kanyang matatapat na mga kapatid at mga manggagawa sa Panginoon. Sila'y mga minamahal sapagka't sila'y mga minamahal sa Diyos at minamahal sa ating Panginoong, JesuCristo. Ang Griyego salita para sa "minamahal" ay 'Agapetos', kung saan iginagalang, mahal, o karapatdapat sa pagibig. Kaya ginagamit natin ang salitang minamahal kapag ang kapatid ay minamahal sa Diyos at sa ating Panginoong JesuCristo gaya na sila'y mahal, mataas na iginagalang at karapatdapat sa pagibig sa Diyos at kay Cristo. Ating suriin ang ilan sa mga inilarawan ni Pablo bilang minamahal.

A. "At batiin ninyo ang iglesia na nasa kanilang bahay. Batiin ninyo si Epeneto na minamahal ko, na siyang pangunahing bunga ng Asia kay Cristo." (Roma 16:5) Si Epeneto ay unang sumampalataya sa Achia at kanyang pagtugon sa mensahe ng mabuting balita ay tumulong ng malaki sa misyon ng Diyos na ginawa ni Pablo, at tiyak na ang kanyang pagsampaltaya ay nagdala sa iba kay Cristo. Kaya dapat tayong maging kaakit akit sa patotoo ng iba na ibinigay ang kanilang buhay sa Panginoon at sinimulang maglingkod sa Kanya kasama natin. Ang ganoong mga kapatid ay ating mga minamahal.

B. "Batiin ninyo si Trifena at si Trifosa, na nangagpapagal sa Panginoon. Batiin ninyo si Persida na minamahal, na lubhang nagpagal sa Panginoon." (Roma 16:12) Si Persis ay nagpakapagal ng husto sa Panginoon, kaya naman isinama ni Pablo ang kanyang pangalan sa salitang minamahal. Ang ganoong mga kapatid na nagpakapagal sa Panginoon at tinulungan ang paglilingkod ay ating mga minamahal.

Ang parehong mga bagay na iyong makikita sa ibang mag sulat ni Pablo, "Binabati kayo ni Lucas, ang minamahal na manggagamot, at ni Demas." (Colosas 4:14) Si Lucas ay isang Hentil na alagad, at siya ay ang kaibigan ni Pablo sa pagpapahayag ng mabuting balita at sa kanyang maraming mga paglalakbay; siya ay manggagamot at ang may akda ng mga aklat sa Lucas at mga Gawa sa Bagong Testamento. Sa isang okasyong nabanggit ni Pablo kay Timoteo, na sa ilang panahon ng kanyang buhay at paglilingkod, ang tao lamang na nasa kanyang tabi ay si Lucas, "Si Lucas lamang ang kasama ko. Kaunin mo si Marcos, at ipagsama mo; sapagka't siya'y napapakinabangan ko sa ministerio." (2 Timoteo 4:11) Ang mga minamahal ay ang mga nanatili sa tabi natin at tumutulong satin alang alang sa Mabuting Balita ni Cristo habang ating pinagsusumikapan na abutin ang nawawala. Ang mga nanatili kasama natin alang alang kay Cristo, habang ang iba ay iniwan tayo, sila'y mga minamahal ni Cristo at natin.

Sa loob ng simbahan at ministerio walang daan para sa makamundong pakikipagkaibigan at ang makamundong pakikipagkaibigan. Sa halip mayroong Salita ng Diyos na ang lahat ay dapat kumilos ayon sa, at mabuhay at maglingkod na may takot sa Panginoon. Inibig at pinarangalan ni Pablo ang kanyang matatapat na kamanggagawa na naglilingkod sa Panginoon ng buong puso kasama niya sa ministerio at sa pangunguna, pamamahala at pagpapagal sa Simbahan ng Diyos. Sa parehong paraan, ating pararangalan ang ating matapat na kamanggagawa na naglilingkod sa Panginoon ng buong puso kasama natin sa ministerio at sa pangunguna, pamamahala at pagpapagal sa Simbahan ng Diyos.

"Si Pablo, na bilanggo ni Cristo Jesus, at si Timoteo na ating kapatid kay Filemon na aming minamahal at kamanggagawa," (Filemon 1:1) Si Filemon ay kapwa manggagawa ni Pablo sa ministerio ng Simbahan ng Diyos, na karapatdapat na tawaging ating mahal na minamahal.

Sa ngayon ang mga simbahan ay kanilang ginagamit ang salitang mga kaibigan upang hangaan at palayawin ang isa't isa datapuwa't walang pagsunod sa kung kanino at para sa ano ang Salita ng Diyos ang ginamit, pakikipagsosyal, pagtitipon sa pagkain, ang pakikipagkaibigan sa loob ng simbahan ay pagpapasimula ng katiwalian, pagtatangi, mga emosyon at walang katarungan. Ang paglilingkod ay hindi tungkol sa pagpasyal, safari, mga paglalakbay o pagtuklas, pagkain o mga handaan, damayang benepisyo at kinukunsinti ang isa't isa, subalit sa halip ay pagpapagal at pagdadalamhati para kay Cristo.

Maraming bilang kanilang ginagamit ang salitang kaibigan/ mga kaibigan upang isalarawan ang mga tao na nagbibigay ng pananalapi na suportahan ang gawain, kahit na sila'y nagpapakita ng pangako sa Salita ng Diyos o sa Kanyang simbahan. Hindi kailanman ginamit ni Pablo ang salitang minamahal sa ganoong kaugnay na kahulugan. Maging ganon din sa atin, na gagamitin natin ang Salitang minamahal sa isinalarawan sa mga nagpapakapagal para sa simbahan ng Diyos at gawain. Ang pagpapagal para sa simbahan ng Diyos at gawain ay ang adhikain para bawat isang manggagawa na siya/niya ay kailangan kamitin bilang minamahal sa Diyos at kay Cristo.

2. Si Apostol Santiago: "4 Kayong mga mangangalunya, hindi baga ninyo nalalaman na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan ay pakikipagaway sa Dios? Sinoman ngang magibig na maging kaibigan ng sanglibutan ay nagiging kaaway ng Dios." (Santiago 4:4) Si Santiago ay hinatulan ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan, at ginawa niyang malinaw na ang pakikipagkaibigan sa sanglibutan at ang mga simulain nito ay magpapakilala sa buhay ng mga bayan ng Diyos at sa Kanyang simbahan, na magbubuo ng pakikipagaway sa Diyos. Ginamit ni Santiago ang Salitang kapatid upang isalarawan ang kanyang pakikipagugnayan sa lahat ng mga kasapi ng katawan ni Cristo, gaya na iyong mababasa rito, "2 Mga kapatid ko, ariin ninyong buong kagalakan, kung kayo'y mangahulog sa sarisaring tukso;" (Santiago 1:2) Ang salitang Griyego ng 'kapatid' ay 'Adelpos'. Ang kahulugan ng kapatid dito ay pagiging kapatid ni Cristo, gaya ng isinilarawan ni Pablo kay Jesus, sa pagiging unang bunga, ang una na nabuhay mula sa patay sa maraming mga kapatid. "Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid:" (Roma 8:29)

"1 Mga kapatid ko, yayamang mayroon kayong pananampalataya ng ating Panginoong Jesucristo, na Panginoon ng kaluwalhatian ay huwag magtatangi sa mga tao." (Santiago 2:1) Ginawa ito ni Santiago na napakalinaw na ang Diyos ay walang paggalang sa tao, kaya sa ganito kanyang pinagtibay na wala nang makamundong mga simulain ng pakikipagkaibigan sa loob ng katawan ni Cristo. Sa ganitong paraan inalis niya ang pagtatangi, walang katarungan at katiwalian sa loob ng mga kasapi ng Simbahan ng Diyos, samakatuwid sa mga kaibigan ni Jesus sila talaga ay ating mga kapatid.

3. Si Apostol Juan: ating basahin ang pangatlong sulat ni Juan: "1 Ang matanda, kay Gayo na minamahal, na aking iniibig sa katotohanan. 2 Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa. 3 Sapagka't ako'y totoong nagalak nang magsidating ang mga kapatid at mangagpatotoo sa iyong katotohanan, ayon sa paglakad mo sa katotohanan. 4 Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan. 5 Minamahal, ginagawa mo ang tapat na gawa sa lahat ng iyong ginagawa doon sa mga kapatid at sa

mga taga ibang lupa; 6 Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pagibig sa harapan ng iglesia: na iyong gagawan ng magaling kung iyong tutulungan sila ng nararapat sa Dios, sa kanilang paglalakbay: 7 Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon sila na walang kinuhang anoman sa mga Gentil. 8 Nararapat nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan.9 Ako'y sumulat ng ilang bagay sa iglesia: datapuwa't si Diotrefes na nagiibig magkaroon ng kataasan sa kanila, ay hindi kami tinatanggap. 10 Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalaala ko ang mga gawang kaniyang ginagawa, na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin: at hindi nasisiyahan sa ganito, ni hindi man niya tinatanggap ang mga kapatid, at silang mga ibig tumanggap ay pinagbabawalan niya at pinalalayas sila sa iglesia.11 Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Dios. 12 Si Demetrio ay pinatototohanan ng lahat, at ng katotohanan: oo, kami man ay nagpapatotoo rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay.13 Maraming mga bagay ang isusulat ko sana sa iyo, datapuwa't hindi ko ibig isulat sa iyo ng tinta at panulat:14 Datapuwa't inaasahan kong makita kang madali, at tayo'y magkakausap ng mukhaan. Ang kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka ng mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan sa pangalan." (3 Juan 1:1-14) Ang ginamit ni Juan at Minamahal at mga kaibigan sa pagsasalarawan sa kanyang matapat na kapatid at mga manggagawa sa Panginoon, na lumalakad sa katotohanan, at sa tumutulong sa kapatiran na lumabas upang dalhin ang mensahe ng Diyos sa mga nawawala.

"1 Ang matanda, kay Gayo na minamahal, na aking iniibig sa katotohanan."(3 Juan 1:1) Si Apostol Juan, ang may akda ng mga sulat na sinulat sa "kay Gayo na minamahal". Si Gayo ay nakatira sa isang lugar malapit sa Epeso para sa mga apostoles sapagkat sa kanyang matandang gulang ang layunin ay pumunta at makita siya sa lalong madaling panahon, "13 Maraming mga bagay ang isusulat ko sana sa iyo, datapuwa't hindi ko ibig isulat sa iyo ng tinta at panulat:14 Datapuwa't inaasahan kong makita kang madali, at tayo'y magkakausap ng mukhaan. Ang kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka ng mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan sa pangalan." (3 Juan 1:13-14)

"2 Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa."(3 Juan 1:2) Si Gayo ay minamahal sa Diyos, pagkakaroon ng biyaya ng Diyos, ang kanyang kaluluwa ay naligtas, paglakad sa katotohanan ng Panginoon JesuCristo, sapagka't ang lahat ng kapatiran na nakikilala sa kanya ay alam na siya ay matapat, at kaya naman siya ay minamahal ni Apostol Juan: "3 Sapagka't ako'y totoong nagalak nang magsidating ang mga kapatid at mangagpatotoo sa iyong katotohanan, ayon sa paglakad mo sa katotohanan. 4 Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan." (1 Juan 1:3-4) Ninais ni Apostol Juan ang kasaganaan sa lugar, at magandang kalusugan para sa kanyang katawan nang kanyang sinulat sa kanya. "bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa." (3 Juan 1:2) Sa parehong paraan ating naisin ang parehong kaunlaran sa estado, at mabuting kalusugan sa katawan sa ating minamahal na kapatiran sa Panginoon na lumalakad ng matapat sa Panginoon at matapat na naglilingkod sa Kanya at sa mga gawain ng Diyos.

"5 Minamahal, ginagawa mo ang tapat na gawa sa lahat ng iyong ginagawa doon sa mga kapatid at sa mga taga ibang lupa; 6Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pagibig sa harapan ng iglesia: na iyong gagawan ng magaling kung iyong tutulungan sila ng nararapat sa Dios, sa kanilang paglalakbay: " (3 Juan 1:5-6) Si Gayo ay mabuting patotoo at isang mabuting saksi sa pagigimg matapat sa kanyang ginagawa at paglilingkod sa mga kapatid, at sa mga dayuhan. Siya ay nagbibigay ng kawang gawa, paglilingkod at tulong sa sa mga gumagawa ng gawain ng Diyos, ng walang pagtatangi at ng may pusong dalisay at motibo, sapagkat si Gayo qy sumusuporta kahit sa mga kapatiran na dayuhan sa kanya na hindi kilala pa dati, at ginagawa niya yaon sapagka't nagkukusa silang abutin ang mga Hentil at dinadala ang mabuting balita sa kanila. "7 Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon sila na walang kinuhang anoman sa mga Gentil. 8 Nararapat nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan." (3 Juan 1:7-8) Si Gayo ay sumusuporta sa mga tao na tapat sa kanilang misyon at umaalis upang ipahayag ang mabuting balita ni JesuCristo sa mga Gentil at sa mga hindi nakatanggap ng suporta at kanyang kawanggawa sa ganoong mga tao na naglilingkod sa Panginoon ng matapat. Ngunit si Apostol Juan ay malungkot tungkol kay Diotrepes, na kabaligtaran kay Gayo, "9 Ako'y sumulat ng ilang bagay sa iglesia: datapuwa't si Diotrefes na nagiibig magkaroon ng kataasan sa kanila, ay hindi kami tinatanggap." (3 Juan 1:9) Na siya ay makasarili, mapagmalaki sa kanyang sarili, at tumangging tanggapin ang mga kapatiran na itinagubilin ni Apostol Juan upang tulungan. Karagdagan, si Diotrefes ay nagsalitan ng walang katotohanang mga

bagay na sumunod sa utos at tinanggap ang mga kapatid na itinagubilin ng Apostol upang tanggapin at tulungan. Samakatuwid si Apostol Juan ay nagdesisyong sawayin siya nang siya naandoon: "10 Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalaala ko ang mga gawang kaniyang ginagawa, na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin: at hindi nasisiyahan sa ganito, ni hindi man niya tinatanggap ang mga kapatid, at silang mga ibig tumanggap ay pinagbabawalan niya at pinalalayas sila sa iglesia." (3 Juan 1:10) Sinabi ni Apostol Juan kay Gayo at sa pagsasabi sa atin ngayon na huwag sundan ang ganoong masamang halimbawa, "11 Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Dios: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Dios." (3 Juan 1:11)

Sa karagdagan sa mabuting halimbawa ng minamahal na Gayo, si Apostol Juan ay nagbigay ng panibagong mabuting halimbawa upang sundan ang halimbawa ni Demetrio gaya ng kanyang sinabi, "12 Si Demetrio ay pinatototohanan ng lahat, at ng katotohanan: oo, kami man ay nagpapatotoo rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay." (3 Juan 1:12) Ngayon alam na natin kung anong uri ng mga tao na tatawagin nating kapatid at minamahal, at kailangan nating tumulong at sumuporta.

Tinapos ni Apostol Juan ang kanyang sulat sa ganitong paraan: "14 Datapuwa't inaasahan kong makita kang madali, at tayo'y magkakausap ng mukhaan. Ang kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka ng mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan sa pangalan." (3 Juan 1:14) Ang salitang Griyego para sa 'mga kaibigan' ay 'Philos'. At malinaw nating naipaliwanag na ang mga kaibigan ni JesuCristo ay ayon sa pamantayan ng pakikipagkaibigan sa Kanya, sila'y ating mga kaibigan at pati na rin ang ating minamahal. May mga kaibigna mga kaibigan ni Jesus kasama ni Apostol Juan at ni Gayo. Ang kagaya sa atin na kailangan nating magkaroon ng mga kaibigan kay Jesus kasama natin ngayon.

Sa aking mahal at minamahal: Pagnilayan ang mensahe at ilapat ang mga simulain ng Salita ng Diyos sa iyong buhay habang handa kang maglingkod sa Kanya sa Kanyang simbahan, at gawin ang iyong pinakamabuti upang tawaging isang minamahal at kaibigan ayon sa pamantayan ng Salita ng Diyos.

Matuto mula sa iba't ibang mga halimbawa at ng Banal na Kasulatan na nakasulat sa mensahe. Pagnilayan at tingnan kung paanong ang mensahe ay magiging isang praktikal sa iyong buhay. Tinawag ka ng Diyos upang maging Kanyang kaibigan at minamahal, samakatuwid kailangan mong mabago sa pagbabago ng iyong isip at hindi na dapat umayon sa huwaran ng sanglibutang ito datapuwa't ilapat ang sumusunod na mga simulain na ating natutunan mula sa Banal na Kasulatan sa mensaheng ito at tingnan kung sino ang totoong kapatid, minamahal at mga kaibigan at tingnan kung ano ang kailangan mong gawin sa kanila:

1. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ay mayroong isang mabuting patotoo na ibibigay ang kanilang mga buhay sa Panginoon at simulang maglingkod sa Kanya.
2. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ni Jesus ay masipag upang abutin ang nawawala.
3. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ay ang ating mga kapatid na nagpapakapagal sa Panginoon upang suportahan ang mga gawain ng Diyos.
4. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ay ang mga nanatili sa tabi natin at sumusuporta sa atin alang alang sa Mabuting Balita ni Cristo habang ating pinagsusumikan na abutin ang nawawala. Sa mga nanatili kasama natin alang alang kay Cristo, habang ang iba'y ay iniwan tayo, sila'y mga totoong kaibigan at ang minamahal ni Cristo at sa natin.
5. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ni Jesus ay ang mga taong mapagkumbaba at sila'y hindi sa posisyon, pagkilala, o katanyagan, ngunit sila'y may pagkilala na tumulong at maglingkod sa mga kumikilos upang maglingkod sa Panginoon.
6. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ni Jesus ay hindi kikilos batay sa pakikipagugnayan, batay sa emosyon, o batay sa benepisyo, pagtatangi, walang katarungan o katiwalian, kundi sila'y kikilos batay sa mga simulaim ng Salita ng Diyos at pamahalaan ang kanilang mga sarili ayon sa, at mabuhay at maglingkod sa takot sa Panginoon.
7. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ni Jesus ay ang ating mga matapat na kamanggagawa na naglilingkod sa Panginoon ng buong puso kasama natin sa gawain at sa pangunguna, pangangasiwa at pagpapagal sa kapisanan ng Simbahan ng Diyos. Ang minsiterio ay hindi tungkol sa pamamasyal, safari, mga paglalakbay o mga pagtuklas,

pagkain o mga handaan, benepisyo ng damayan at pangungusinti sa isa't isa , sa halip ay pagpapagal at pagdurusa para kay Cristo.

8. Pagpapagal para sa simbahan ng Diyos at gawain ay ang layunin para sa bawat isang manggagawa na niya/siya ay kailangan upang kamitin bilang minamahal at kaibigan ng Diyos at ni Cristo.

9. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ng Diyos ay ang totoong mga tao na nanatili sa tabi mo gaya ng pagtayo mo para sa Diyos at paglilingkod sa Kanya sa pagabot sa nawawala.

10. Ang totoong mga kaibigan at minamahal ni Jesus ay hindi nagbibigay ng kaguluhan sa Panginoon o nagdagdag ng karagdagang kabigatan sa mga kapatid, na minamahal at mga kaibigan ni Cristo.

11. Ating hinihiling ang kasaganaan sa estado, at mabuting kalusugn sa katawan ng ating minamahal na kapatiran sa Panginoon na lumalakad ng matapat sa Panginoon at matapat na naglilingkod sa Kanya at sa gawain ng Diyos.

12. Tayo'y nagbibigay ng kawanggawa, paglilingkod, tulong at suporta sa mga gumagawa ng gawain ng Diyos ng walang pagtatangi, na matapat , mayroong dalisay na puso at dalisay na motibo, at ating itinuturing sila at isinasaalang sila na ating mga kaibigan at minamahal.

Tayo ay manalangin......

Ang aking Panalangin:

Amang Diyos ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan.

Tayo ay magsisi at talikuran ang ating mga kasalanan. Ipahayag ang iyong mga kasalanan ngayon sa Panginoon. Panginoon ako'y nagsisi sa mga sumusunod mga kasalanan.

Talikuran ang kasalanan ng pagiging makasarili,
ang kasalanan ng paghahanap ng pansariling benepisyo,
ang kasalanan ng pagiging mayabang,
ang kasalanan ng hindi pagtulong at pagsuporta sa totoong mga kaibigan at sa minamahal na gumawa ng gawain at sa paglilingkod sa Diyos.
ang kasalanan ng pagkakaroon ng mga kaibigan na hindi mga kaibigan ni Jesus,
ang kasalanan ng pagsunod sa emosyon at pagdedesisyon batay sa iyong nararamdaman,
ang kasalanan ng walang kahandaan upang abutin ang nawawala,
ang kasalanan ng masamang motibo,
ang kasalanan ng pagsasalita ng masama laban sa mga gumagawa ng gawain ng Diyos.

Panginoon salamat sa iyong malinaw na Salita sa akin. Panginoon ako'y bumabalik sayo at nais kong mabago ng Iyong Salita at isabuhay ang aking buhay ayon sa iyong kalooban sa kabanalan at kalinisan. Linisin mo ako Panginoon, at itayo mo ako ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban. Panginoon ako'y nananalangin na iyong ibibigay ang lahat ng aking pangangailangan.

Panginoon aking ipinapanalangin ang aking mga kapatid na Lalaki at Babae na ipinangako ang kanilang mga sarili upang mabuhay at gawin ang iyong Salita sa mensaheng ito. Panginoon ibigay sa kanila ng higit pang pananampalataya at pagtitiwala sayo. Panginoon ibigay sa kanila ang higit pang bunga ng Banal na Espiritu upang maging kagaya sa iyong katangian at paguugali at yaong mga tao ay makita ka sa pamamagitan ng kanilang mga buhay. Panginoon ako'y nananalangin na itataas mo ang maraming mga tao sa amin na mga kaibigan at minamahal mo. Panginoon bigyan kami pa ng pagkilala upang makita at makilala ang mga kaibigan at minamahal mo upang aming isaalang alang sila na aming mga kaibigan at pati na rin mga minamahal.

Panginoon kami'y nananalangin para sa amin bilang simbahan, Panginoon pusposin kami ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming mga buhay upang pumunta at magebanghelyo at gumawa ng bagong mga alagad. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng maraming pagaaral ng Bibliya at maraming kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan nang sa gayo'y hindi namin

madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus. Amen

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.